# BAKIT LAGING KAILANGAN ANG HALIMBAWA NI ANDRES BONIFACIO SA ATING PAKIKIBAKA: ILANG MUNGKAHI

**E. San Juan, Jr.**

*Tinatalakay sa papel na ito si Andres Bonifacio at ang kanyang mga katangiang nagsilbing liwanag upang magpatuloy ang pagsulong tungo sa tunay na kasarinlan at kalayaan. Ang Supremo ay pinagsanib na lakas ng uring manggagawa, sinasagisag niya ang mga nagawa ng mga naunang rebelled – Dagohoy, Diego Silang, Apolinario Cruz, Marcelo del Pilar, Lopez Jaena, Rizal, at ng iba pang mga bayaning lumaban sa mga mananakop, at sa pagtatag at pagpapalago ng Katipunan, matagumpay na naitampok ang pasasama ng teorya at praktika sa anumang kolektibong proyekto ng sambayanan. Pinatutunayan ng papel na buhay ang Supremo sa bawat pagsulong tungo sa tunay na kasarinlan at kalayaan, sa mga programa ng kilusang naghahangad ng katarungan at pambansang demokrasya, at sa mga taong nagmimithi ng pagkakapantay-pantay ng mga kasarian, kasaganaan at dignidad ng Filipino.*

*(This paper discusses Andres Bonifacio ang his qualities which served as the guiding light towards genuine freedom and sovereignty. The Supremo is the combined strength of the working class, he symbolizes the hard work of the first rebels – Dagohoy, Diego Silang, Apolinario Cruz, Marcelo del Pilar, Lopez Jaena, Rizal, and all other heroes who resisted colonization, and the formation and escalation of Katipunan, he proved the union of theory and practice in any collective tasks of the people. This paper confirms that the Supremo is alive in every task towards genuine freedom and sovereignty, in every program of the movement that aspires freedom and national democracy, and in the people that seeks equality of gender, progress, and dignity of the Filipinos.)*

*Keywords: Andres Bonifacio, katipunan, ideyolohiya,*

Bagong panahon, bagong pag-aangkop ng sinaunang pananaw. Utang sa mabulas at masiglang pagsulong ng kilusang mapagpalaya mula noong dekada 1960 hanggang ngayon ang pagpupugay kay Andres Bonifacio bilang ulirang rebolusyonaryo ng sambayanan. Utang rin ito sa ilang mga publikong intelektuwal tulad nina Renato Constantino, Teodoro Agoncillo, Amado V. Hernandez, Jose Maria Sison, atbp., laluna kina Claro Recto, Lorenzo Tanada, at Jose Diokno, na nagpasimuno sa pagtutol sa diktadurang U.S.-Marcos.

Sa kolektibong aksyon ng masa, naiahon ang nasyonalismong nailubog ng matinding Amerikanisasyon ng bansa. Naibangong muli ang dignidad ng Supremo sa pagkasadlak nito

